# Sino Kami

Ang Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa (National Labor Relations Board o NLRB) ay isang malayang ahensiyang pederal na nilikha noong 1935 at binigyang kapangyarihan na ipagtanggol ang karapatan ng mga empleyado na mag-organisa, makipag-ugnayan sa isa't isa para sa mas mahusay na kondisyon sa pagtatrabho, pumili kung nais magkaroon ng kinatawan sa kolektibong negosasyon sa kanilang employer, o sa pagtanggi na gawin ang mga karapatang ito. Kumikilos rin ang NLRB para maiwasan at lutasin ang mga hindi patas na gawain sa paggawa na ginagawa ng mga employer sa pribadong sektor at unyon, at magsagawa ng mga lihim na eleksyomn tungkol sa kintawan sa unyon. Ang NLRB ay isang ahensiya na may dalawang bahagi, ang isa ay pinamamahalaan ng isang Lupon na binubuo ng limang kasapi at sa kabilang banda ay isang Pangkalahatang Tagapayo. Ang mga Kasapi ng Lupon at Pangkalahatang Tagapayo ay itinatalaga ng President nang may pahintulot ng Senado. Ang responsibilidad at pagganap ng Ahensiya sa ilalim ng Batas sa Pambansang Ugnayan sa Paggawa, ayon sa amyenda, ay isinagawa ng Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa, na siyang may malayang awtoridad sa ilalim ng batas, at mayroon ring awtoridad ayon sa itinatalaga ng Lupon.

---

## Ang Lupon

Ang Lupon ay may limang Kasapi at kumikilos bilang quasi-judicial na insititusyon na nagdedesisiyon sa mga kaso ayon sa pormal na mga talaga sa mga pagdinig na administratibo. Ang mga Kasapi ng Lupon ay itinatalaga ng Presidente sa limang taon na termino, nang may pahintulot ng Senado, ang termino ng isang Kasapi ay nagtatapos bawat taon.

## Dibisyon ng mga Hukom

Ang mga Hukom sa Batas Administratibo ng NLRB ay nagtatala, nakikinig, naglulutas at nagdedesisyon ng mga hindi patas na gawain sa paggawa sa buong bansa, at may mga opisina sa Washington, New York, at San Francisco.

## Pangkalahatang Tagapayo

Ang Pangkalahatang Tagapayo, na itinatalga ng Presidente sa 4 taong termino, ay malaya mula sa lupon at responsible para sa imbestigasyon at paglilitis ng mga kaso sa hindi patas na gawain sa paggawa at pangkalahatang pamamahala ng mga sangay na opisina ng NLRB sa pagproseso ng mga kaso.

## Inspector General

Alamin pa ang tungkol sa Opisina ng Inspector General

## Aming Kasaysayan

Ipinagmamalaki ng Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa ang kasaysayan nito sa pagpapatupad ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa. Mula sa Great Depression at nagpatuloy hanggang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, paglago ng ekonomiya at mga hamon na naganap, ang NLRB ay nagtrabaho para siguraduhin ang karapatan ng mga empleyado sa kolektibong negosasyon kung kailangan naisip ito.

## Istruktura ng Organisasyon

Istruktura ng Organisasyon ng NLRB

## Sumali sa NLRB

## Mga Pagdaragdag

Introduksyon

Ang impormasyon na ito ay inihanda para tulungan ang mga negosyo na interesado sa pagbebenta ng kanilang mga produkto at serbisyo sa Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa (NLRB). Ang impormasyon na ito ay tumutukoy sa proseso sa pagbili at patakaran na kadalasang isinasagawa sa pagbili na ginagawa ng NLRB. Ipinapaliwanag ng dokumentong ito sa pangkalahatan ang mga uri ng mga item na binibili, sino ang bumibili nito at saan ito binibili. Ang impormasyon ay ispesipikong nakatuon sa mga negosyong maliliit, naghihirap, pag-aari ng mga beteranong may kapansanan, at mga negosyong pag-aari ng mga kababaihan.